

1

Don Arturo was dying. Batid ng matanda na hindi na magtatagal ang buhay niya sa mundong ibabaw. Alas tres ng hapon noon at ipinatawag niya ang paboritong scholar.

The daughter I never had, naisip pa niya habang palapit ito sa kanya.

“Ipinatawag daw po ninyo ako, Tito?” tanong ng dalaga.

Her name was Desiree, a young lady in her late teens. She was fragile-looking but extremely beautiful. Pinapangarap niya na isa man lang sa mga anak niya ay makatuluyan nito. Pero masyado pa itong bata.

“Yes, Hija,” sagot niya sa hirap na tinig.

“What is it, Tito?”

“Pakiramdam ko’y hindi na ako magtatagal, Desiree.”

“Wag mong sabihin ’yan, Tito Arthur,” anang dalagang nabahiran ng pag-aalala ang tinig. Ang mukha nito ay nabahiran ng lungkot.

“Tanggapin na natin ang katotohanan, Hija. Hanggang dito na lang ang matandang huklubang ito,” aniyang pilit na nagpakawala ng ngiti.

“Tito...”

“Listen. May mahalaga akong hihilingin sa ’yo.” Tumahimik si Desiree at nakinig. “You have seen my love for my children. Nakita mong pantay ang pagtrato ko sa kanila, hindi ba?”

“Opo, Tito.”

“Kahit magkakaiba ang kanilang ina, minahal ko sila nang pantay-pantay.”

Muling tumango ang dalaga.

“Hindi ko man gusto, kailangan kong magpasya. Kailangan kong piliin ang papalit sa akin at mamumuno sa negosyong iiwan ko. Dahil si Gawain ang lehitimo kong anak at kilalang-kilala ko siya mula pagkabata, siya ang napili ko.”

“I think it’s just fair, Tito.”

“Sa palagay mo, hindi kaya magagalit ang dalawa kong anak?”

“Hindi naman siguro, Tito Arthur. Kapwa maiintindihan nina Tristan at Dagonet ang desisyon

mo.”

“I hope so, Desiree.”

“Ano’ng gusto mong gawin ko, Tito?”

Matamang tinitigan ng matanda ang dalaga.

“Hija, gusto kong tulungan mo si Gawain,” aniya.

“Pero nariyan naman sina Dag at Tristan, Tito,” pag-aatubili ng kausap. Bumakas sa magandang mukha nito ang pagkalito. Tila hindi nito maintindihan kung bakit iyon hiniling ng matanda. Wala itong alam sa negosyo nila. Isa pa, hindi ito malapit kay Gawain. Ang kababata nito ay si Dagonet.

“Yes, but you are who Gawain needs. Pagbigyan mo na lang ako, Hija.”

Bumadha ang alinlangan sa mga mata nito. “I can’t promise you that, Tito Arthur.”

“I am not asking you to promise me anything. I’m asking you to do it, Lady.”

Bumuntong-hininga ang nakababata; na-realize na yatang hindi siya tatanggap ng pagtangga mula rito. Pero nalilito pa rin ito.

Bata pa ito at marahil ay hindi pa naiintindihan ang hinihiling niya. Paano nga ba ito makakatulong

kay Gawain? Baka maging pabigat lang ito sa binata niya.

“Tito Arthur, humiling na lang kayo ng iba,” ani Desiree.

Pinalungkot niya ang mukha. “Hindi ko akalaing tatanggihan mo ako, Hija,” nagdaramdam na turan ng matandang lalaki.

Na-guilty ang dalaga. Mamamatay na nga naman ang matanda ay pinasasama pa ang loob ng lalaki.

Napakaingrata nga naman niyon.

Utang nito ang lahat sa matanda. Kung anuman ang tinatamasa nito ay dahil iyon sa kanya. Na-realize nitong hindi dapat nito bigyan ang matanda ng dahilan para malungkot. Lalo na at may malubhang karamdaman ang lalaking tinuring na nitong ama.

“Tito, ayoko naman pong malungkot kayo. Sige po, gagawin ko ang makakaya ko,” pasya nito.

Lumiwanag ang mukha ng matanda, nabuhayan siya ng pag-asa. “Mangako ka sa akin, Desiree. Promise me that you will help Gawain in any way you can,” untag nito.

“I thought you don’t want me to promise you anything,” biro ng babae.

Proposal In Laverna - Ally Falcon

Don Arturo smiled. She smiled back. “Just do it for me, Hija.”

“Pangako, Tito Arthur, hindi ko pababayaan si Gawain. Ipanatag n’yo ang loob n’yo.”

“Salamat, Hija. Maraming salamat.”

Matapos kausapin si Desiree ay ang anak naman na si Gawain ang tinawag ni Don Arturo.

Ito ang tanging legitimate heir niya at kahit pantay ang pagtingin niya sa tatlong anak, nais niyang ito ang sumunod sa yapak niya. Dito niya gustong iwan ang pamamahala sa kanyang negosyo.

Malaki ang resemblance nila ng anak. Marami ang nagsasabi na ito rin ang nagmana sa pisikal niyang kaanyuan. Mas matangkad lang ito at matipuno ang katawan kaysa sa kanya.

“Kumusta ka na, old man?” anang binata.

Nasa mid-twenties na ang edad ni Gawain. Madalas marinig ni Don Arturo sa mga kaibigan na ito ang pinakamagandang lalaki sa tatlo niyang anak. Marami ang humahanga rito kahit noon pa.

Mabait man ito, hindi ito palaging sumusunod sa

kanya, lalo na kung hindi nito gusto ang ipinagagawa niya. Hindi niya ito napipilit kahit noon pa.

Pero sa pagkakataong ito ay kailangan niya itong mapasunod.

“I feel very weak, Gawain,” sagot niya sa pangungumusta nito. “How are you, my son?”

“Heto, pinipilit na maging matatag,” tugon ng binata sabay kibit ng balikat. “Alam kong ayaw mong makikitang malungkot ako.”

“Good, Son. That’s good.”

“Pero kung ako lang ang masusunod, I want you to live for a hundred years.”

“You’re asking for the impossible, Hijo. Hindi natin kayang bayaran ang buhay. Hindi ito atin.”

Dumaan sa pagitan ng mag-ama ang katahimikan.

“Makinig ka, Hijo,” anang matanda pagkuwan. “May mahalaga akong sasabihin sa ’yo.”

“Ano ’yon, Papa?”

“Kapag nawala na ako, ikaw ang gusto kong mamahala sa ating negosyo. Palaguin mo ito sa tulong ng mga kapatid mo.”

“I will do my best. Don’t worry about it.”

“Si Desiree, alagaan mo siya.”

“Ginawa mo pa akong yaya,” biro ng binata.

“Seryoso ako, Anak.”

Gawain chuckled. “Matanda na si Desiree. She’s nineteen. She can take care of herself. Hindi ko na siya kailangang bantayan,” katuwiran nito.

“Just do it for me, Son.”

Marahas na napabuga ng hangin si Gawain. “Fine,” anito.

“And never make her cry.”

But Desiree cried on the day of Don Arturo’s funeral. Napilitan si Gawain na kalmahin ang dalaga.

“Mas gugustuhin ni Papa kung hindi ka niya nakikitang umiiyak,” sabi ng binata.

“Patay na siya. Paano pa niya ako makikitang umiiyak?” turan ni Desiree sa gitna ng paghikbi.

Tila napahiya naman ito dahil hindi ito agad nakapagsalita. Noon naman lumapit ang kapatid nitong si Dagonet. Inalo nito ang babae na nagpaalo

naman.

Nagtagis ang mga bagang ni Gawain. Tila hindi nito naibigan ang pagpasok ng kapatid sa eksena. Lalo na ang pagyakap dito ni Desiree.

“Hush, Des. Noong nabubuhay pa si Papa ay hindi niya gustong umiiyak ka,” alo ni Dagonet sa dalaga.

“I know. But I can’t help it.”

“Namamaga na ang mga mata mo. Baka pumangit ka.”

Unti-unting tumahan ang dalaga. Wala namang imik na umalis si Gawain nang matantong kalabisan na ito roon.

“Nagalit yata sa akin ang kapatid mo,” ani Desiree habang habol ng tingin ang binata.

“Bakit? Nag-away ba kayo?” takang tanong ni Dagonet.

“Natarayan ko yata siya.”

“Ow?”

Tumango siya at ikinuwento dito ang naging pag-uusap nila ni Gawain. Napapalatak si Dagonet.

“Bakit mo naman kasi sinopla? Inaalo ka na nga.”

“Ewan ko ba. Umiral lang siguro ang pagkamataray ko.”

“Pero hindi ka naman natural na mataray. Mabait ka nga sa 'kin, eh.”

“Because you're like a brother to me.”

“At si Gawain?”

Hindi siya nakasagot.

“Ayaw mo ba siyang maging kapatid?”

“Well, hindi naman sa ayaw...”

“Eh, ano?”

“Wag na nga natin siyang pag-usapan,” pag-iwas ni Desiree.

Napakibit-balikat na lamang si Dagonet.

Si Gawain na ang namahala ng mga negosyong naiwan ng kanilang ama. Mas pinagtuunan nito ng pansin ang dairy products business nila samantalang ang dalawang kapatid ay abala sa rancho ng mga ito.

Si Desiree naman ay muling bumalik sa Amerika

Proposal In Laverna - Ally Falcon

para ipagpatuloy ang pag-aaral. Malaking halaga rin ang ipinamana sa kanya ng matanda. Sadyang tiniyak nito na matatapos niya ang kurso niya nang walang hadlang.

Sa isang art school sa Berkeley, California siya naka-enrol. Isang taon pa ang bubunuin niya sa art school na pinapasukan. It was her desire to become a great painter. Taliwas iyon sa gusto ni Don Arturo na maging doktor siya o kaya ay negosyante katulad nito. Pinilit niya ang gusto niya kaya pinabayaan na lamang siya nito.

She was very lucky to have him as her guardian. Maaaring para sa ibang tao ay mahigpit ito at nakakatakot pero isa itong huwarang ama para sa kanya. Malaki ang utang niya kay Don Arturo. At dapat siyang tumanaw ng utang-na-loob.

Sa malayong lugar na tulad ng Amerika, lagi siyang nakakadama ng pangungulila. Kung hindi sa kabayanihan ng itay niya, hindi sana siya naulila nang lubos. Her real father was a brave man. Ibinuwis nito ang sariling buhay para kay Don Arturo. Kung hindi sinalo ng katawan nito ang balang para sana sa negosyanteng amo nito, kasama pa niya ito hanggang ngayon.

Pero matagal nang nagbayad ang taong bumaril

Proposal In Laverna - Ally Falcon

sa ama niya. Ayon sa testimonya nito bago ito makulong ay inutusan lamang ito ng isang karibal sa negosyo ni Don Arturo. Ang huli sana ang nais nitong barilin, pero humarang ang itay niyang si Delio.

Until now, dama pa rin ni Desiree ang sakit at kalungkutan ng pag-iisa. Iba pa rin ang may sariling pamilya.

Hindi niya alam kung sa pagbabalik niya sa Laverna ay katulad pa rin ang lahat sa dati, gaya ng iniwan niya. Wala na si Don Arturo. Ang panganay at lehitimong anak na ang boss doon.

Gawain. The quiet and reserved man. The most handsome guy he had ever laid eyes on. Her one and only crush.

Napangiti siya sa huling naisip. It was her biggest secret.

Lumabas siya ng kanyang kuwarto at tumungo sa veranda. Nasa eighteenth floor siya ng isang residential building sa Berkeley, California. Malapit lang iyon sa pinapasukan niyang art school.

Lahat ng kaharap niya ay nagpaalala kung gaano kaperpekto ang buhay niya—ang buhay na utang niya kay Don Arturo Pimentel.

Proposal In Laverna - Ally Falcon

Nag-ring ang kanyang mobile phone. Kinuha niya ang aparato at nakitang si Ashley ang tumatawag. Ang babae ay Filipina rin at kaklase niya sa isa sa mga subjects niya sa school. Maituturing niya ang babae na 'frienemy'. Marahil ay nakikipagkaibigan lang ito sa kanya dahil alam nitong may-kaya siya at magkababayan pa sila.

“Napatawag ka,” bungad niya rito.

“Busy ka ba?”

“Nope. Bakit?”

“Samahan mo naman ako, oh.”

“Saan tayo pupunta?”

“Well, sa isang abortion clinic.”

Namilog ang mga mata niya. “What! Ano naman ang gagawin natin d’on?” bulalas niya.

Nahulalan niyang pinaikot ng babae ang mga mata. “Duh! Bakit nga ba pupunta ang isang babae sa abortion clinic?”

“Oh, my God! You’re—”

“Yes. I am pregnant,” kumpirma nito sa sapantaha niya.

“Sino ang ama?” Napahawak siya sa dibdib.

“I have no idea. Ang dami nila, eh.”

“Ashley!” asik niya.

Tumawa ang kaibigan. Tila balewala rito ang kasalukuyang kalagayan.

“I’m serious, Ashley. Who’s the father?”

“Well, I’m serious, too. Hindi ko talaga alam.”

Napailing si Desiree sa sobrang dismaya. Marami itong kalokohan. Alam din niya na dalawang beses na itong nakasal at na-divorce. Napaka-liberated nito.

“Wala talaga akong masabi sa ’yong babae ka,” aniya.

“Sasamahan mo ba ako o hindi?”

“No. Isang kasalanan ang gagawin mo.” Desperado na ang tono niya.

“Oh, please! ’Wag mo na akong pangaralan, Des.”

“It’s your flesh and blood, Ashley. Please don’t do this.”

“No way. I’ve made up my mind. Kung hindi mo ako sasamahan, fine! I will go there by myself!”

Proposal In Laverna - Ally Falcon

Iyon lang at tinapos na nito ang tawag. Nailing na lang siya sa inasal ng kaibigan.

2

Mabilis na lumipas ang panahon. Natapos ni Desiree ang kursong kinuha sa isang art school sa Berkeley. At ngayon nga ay pauwi na siya ng Pilipinas.

Paglapag ng eroplanong sinasakyan niya sa *NAIA 1* ay kakaibang saya ang naramdaman niya. Sa pagbabalik niyang iyon ay alam niyang hindi na siya muli pang mawawala nang matagal.

It's good to be home, naisip niya nang muling malanghap ang hanging-Pilipinas.

Si Dagonet ang sumalubong sa kanya sa airport. Ito lamang kasi ang nakakaalam sa pag-uwi niyang iyon.

“Kumusta ang balikbayan?” anito nang yakapin siya.

“I feel great,” nakangiting turan niya. “And you?”

“Gan'on pa rin.”

“Anong gan'on pa rin?”

Ngumiti ito. “I mean, guwapo pa rin.”

She laughed. Humakbang na sila patungo sa

taxi na naghihintay sa kanila. Tumuloy sila sa *NAIA Terminal 3*. Nauna nang nag-book ng flight para sa kanilang dalawa si Dagonet papuntang Tuguegarao.

“Lalo kang naging macho, ah,” komento ng dalaga habang sakay sila ng eroplano.

“Siyempre naman,” sagot nitong kinindatan siya.

“May girlfriend ka na siguro.”

“Wala pa nga.”

“Bakit naman?”

“Wala pang napupusuan,” kibit-balikat na anito.

Pagsapit sa Tuguegarao ay niyaya siya ni Dagonet na tumuloy muna sa rancho ng mga Pimentel. Tumanggi siya at sinabing pagod siya at gusto nang magpahinga. Inihatid na lamang siya nito sa bahay ng tiyahin niya. Malayo na niya itong kamag-anak, pero kinikilala naman siya nito.

Ang pangalan ng tiyahin niya ay Meding. Third cousin ito ng itay niya. Mahirap lang din ito kaya hindi siya nito napag-aral. Kailan lang ay nabalitaan niya ang pagpanaw ng asawa nito.

“Nakikiramay nga po pala ako sa pagkamatay ni Tito Joey, Tiyang. Hindi na ho ako nakauwi dahil

alam n'yo naman....” paliwanag niya. Malayo ang Amerika at mahal ang pamasahe, iyon ang gusto niyang sabihin na naintindihan naman ng kausap.

“Wala ka namang dapat alalahanin, Hija. Nauunawaan ko naman,” sabi pa ng cincuenta años na babae.

“Nasaan nga pala sina Rodel at Rona?” Ang mga anak nito ang tinutukoy ni Desiree.

“Nasa plaza yata at nanonood ng liga. Alam mo naman, malapit na ang piyesta dito sa atin.”

“Oo nga pala, ano. Tamang-tama lang pala ang pag-uwi ko.”

“Gusto mo bang kumain at ipaghahain kita?”

“Mamaya na lang po, Tiyang. Magpapahinga na lang muna ako. Nakakapagod ang biyahe.”

“Sige, ikaw ang bahala.”

Katatapos lang maligo at magbihis ni Desiree nang dumating si Dagonet para sunduin siya. Ayon dito ay iniimbitahan siya ni Gawain na sa rancho na maghapunan.

Nagpalit uli siya ng damit. Medyo malamig kaya

Proposal In Laverna - Ally Falcon

pinatungan niya ng cardigan ang suot na blouse. Pinaresan niya iyon ng denim jeans at sneakers. Pagkatapos ay umalis na sila.

Kinakabahan siya sa muling pagtuntong ng mga paa niya sa mala-palasyong tahanan ng mga Pimentel. Kung pinagbigyan niya noon ang hiling ni Don Arturo, doon din sana siya nakatira. Pero nahihiya siya sa mga anak nito kaya pinili na lamang niyang tumira sa Tiya Meding niya.

She was tensed for a particular reason: Makikita na naman kasi niya si Gawain, ang kanyang ultimate crush.

Para pa rin siyang teenager na nagsu-swoon dito, gayong twenty years old na siya ngayon. Pero ang damdamin niya para sa binata ay tila lumalim din kasabay ng pagdagdag ng taon sa edad niya.

Si Tristan ang una niyang napansin. Pababa ito ng malaking hagdanan nang pumasok sila.

“Welcome back, Des!” bati nito sa kanya.

“Thanks, Kuya Tris!”

“Are you back for good?” untag nito matapos siyang bigyan ng mahigpit na yakap at mainit na halik sa pisngi.

“I hope so.”

Nagtama ang mga mata nila ng lalaki na nasa likuran ng kausap. It was Gawain. He looked gorgeous and very dignified in his long-sleeved shirt and pants. Lalo pa yatang tumitindi ang atraksyong nararamdaman niya rito.

“Hello, Des,” bati nito. His baritone voice always made her heart skip a beat.

“Hi, Wayne.” Hindi gaya sa dalawa nitong kapatid, may ilang sa pagitan nila.

“Kumusta ang biyahe?” tanong pa nito.

“Okay lang naman.”

“Salamat sa pagpapaunlak mo sa aming imbitasyon.”

Napangiti siya. “Sino ba naman ako para tumanggi?”

“Ang mabuti pa ay kumain na tayó. Naghihintay na ang masarap na dinner,” sabad ni Dagonet.

Sa gitna ng hapunan ay panay ang tanong nina Tristan at Dagonet kay Desiree samantalang si Gawain ay tahimik lang na nakikinig. Pero dama ng dalaga ang mga sulyap nito sa kanya.

“So marami ka na bang naipinta?” mayamaya ay tanong ni Gawain.

“Mayr’on naman, pero hindi marami,” sagot niya.

“Puwede ko bang makita?”

Bahagya siyang natensyon. “Baka hindi mo magustuhan. Hindi pa naman ako gan’on kagaling.”

“It’s all right. Nagsisimula ka pa lang naman.”

“Ikaw ang bahala.” Nagkunwari siyang hindi apektado sa sinabi nito at nagpatuloy lang sa pagkain.

Pero hindi na nakita ni Gawain ang mga paintings ni Desiree dahil naging abala na ito. Kali-kaliwa ang mga biyahe nito sa ibang bansa dahil sa negosyo.

Kahit si Dagonet ay naging busy na rin sa pamamahala ng rancho kaya pinaglaanan na lamang ni Desiree ng pansin ang kanyang pagpipinta. Kasama na roon ang paglalakbay niya sa iba’t ibang lugar at paghahanap ng perpektong subject.

Hindi niya namalayan ang paglipas ng panahon. Kamukat-mukat ay tatlong taon na pala siyang nagpapakadalubhasa sa pagpipinta. At kontento siya sa ginagawa. Marami na rin ang bumibili at

tumatangkilik sa mga gawa niya.

At sorpresa ng mga sorpresa, ikakasal na ang matalik niyang kaibigan na si Dagonet sa isang babaeng taga-Maynila. Isa siya sa mga bridesmaids. Si Gawain naman ang best man nito.

Kagaya ng dati ay bumilis ang tibok ng kanyang puso dahil nasa malapit lang ito at abot ng kanyang tanaw. Madalas ay napakalayo nito sa kanya. Minsan ay lumilipas ang isang buwan nang hindi niya ito nakikita.

“You look great,” narinig niyang sabi nito nang magkalapit sila sa gitna ng kasalan.

She could not help but blush. Iyon ang kauna-unahang pagkakataon na pinuri siya nito. Pakiramdam niya ay umangat ang mga paa niya sa lupa.

Marunong din naman palang tumingin ng ‘great’ ang damuho, naisaloob ng dalaga.

Ito man ay guwapong-guwapo sa suot na coat and tie. Siguradong marami na namang babae ang hahabol dito.

Ang tanging konsolasyon lang niya ay wala itong constant date at mukhang wala pang balak magseryoso sa pakikipagrelasyon. Siguro dahil

palagi itong abala. Kapag mayroon naman ay tiyak na malalaman niya iyon mula kay Dagonet.

“Dapat ikaw ang makasalo ng bouquet,” biro ni Dagonet sa kanya nang nasa reception na sila.

“Heh!” asik niya.

Hindi nagtagal mula noong kasal ni Dagonet, si Tristan naman ang na-engage sa isang Filipina nurse na galing sa London. Muli ay kasama siya sa entourage at gayundin si Gawain nang ikasal ang mga ito. Bridesmaid siya at best man na naman ang lalaki.

“Ito na lang ba ang papel natin sa buhay?” biro nito.

“Speak for yourself. Someday, I will marry the man of my dreams,” sagot niyang nakataas ang noo.

Matagal bago ito nakasagot. “Who is the unfortunate guy?” sabi nito mayamaya.

Alam niyang biro lang iyon, pero nagpanting pa rin ang tainga niya. Muli niya itong natarayan after three years.

“Masuwerte ang lalaking mapapangasawa ko, 'no! Titiyakin kong hindi siya magsisisi. Bubusugin ko siya ng pagmamahal,” tugon niya sa inis na tono.

Tumikhim ito. “I was just kidding.”

“Well, I wasn’t.”

Muli itong natahimik. Kung ano man ang iniisip nito, ito lang ang nakakaalam.

Hindi pa nga nakakalipas ang isang buwan mula nang ikasal si Tristan ay nabalitaan ni Desiree kay Dagonet na may babaeng pinag-iinteresang kapatid nitong binata.

“Baka naman fling lang,” sabi niya.

“Nope. Mukhang madalas silang magkasama.”

Kinabahan siya at biglang nag-alala. Hahayaan na lang ba niyang mawala sa kanya ang lalaking minamahal nang walang kalaban-laban?

“K-kilala mo ba ang babaeng ’yon? Baka naman lokohin lang niya ang kapatid mo. Nagkalat ang mga oportunistang ngayon,” aniya.

“You look tensed,” anang kaibigan na mataman siyang tinitigan.

“Natural! Dahil nag-aalala ako para sa kanya.”

“Hindi ka nag-alala sa ’kin n’ong makilala ko si

Cherish,” anito.

“W-well...” Hindi na niya naituloy ang nais sabihin nang mapansin ang pagngiti nito. “What?”

“You’re jealous,” tukso ng lalaki.

“Of course not!” asik niya.

“Yes, you are.”

Hindi na siya nakapagkaila pa. Napilitan siyang umamin. Sumimangot siya.

“Oo na, nagseselos nga ako. So what?” she said in a defensive tone. “Well, I like him.”

“I know,” turan ni Dagonet. Mukha ngang hindi ito nasorpresa sa isinagot niya.

“Alam mo na pala, nagtatanong ka pa!”

“Gusto ko lang makatiyak,” nakangising saad nito.

“Duh!”

“Well, kung talagang gusto mo si Gawain, you should do something before it’s too late,” payo nito.

“No, Dag. Kung talagang gusto niya ang babaeng sinasabi mo, wala na akong magagawa doon,” pasya niya kahit na mabigat ang dibdib.

Hindi niya puwedeng saklawan ang kaligayahan ni Gawain. Kung magiging masaya ito sa babaeng iyon, hahayaan niya ito kahit masaknan pa siya.

Ngunit nagbago ang kanyang isip nang makilala niya ang babaeng constant date umano nito. Dinala kasi ito ni Gawain sa rancho at nagkataong naroon siya.

“Ashley,” kunot-noong sambit niya sa pangalan nito nang magkaharap sila. “Ikaw pala.”

“Hi, Des! It’s good to see you again,” malapad ang ngiting bati sa kanya ng bisita. Dati niyang kaibigan ang babae noong nag-college siya sa States.

Hindi na sila nagkausap mula noong magdesisyon itong ipa-abort ang batang dinadala nito. Ito mismo ang pumutol sa pagkakaibigan nila noong hindi niya ito samahan. Mula noon ay hindi na ito nagpakita pa sa kanya.

“Magkakilala pala kayo,” sabi ni Gawain.

“We’re the *best* of friends back in Berkeley,” mabilis na sagot ni Ashley na may bahagyang sarkasmo sa tono.

“Y-yes,” patianod ni Desiree kahit nagngingitngit ang kalooban.

Proposal In Laverna - Ally Falcon

Wala siyang ideya kung paano at saan ito nakilala ni Gawain, pero hindi siya makapapayag na masilo nito ang binata. Sisirain lang nito ang lalaking tanging laman ng kanyang puso't isipan. Worse, baka nga huthutan lang nito ang kababata niya. She was good at it.

Hindi siya nagkaroon ng pagkakataon na makausap si Ashley dahil palagi itong nakadikit kay Gawain, ngunit hindi siya nawalan ng pag-asa. Marami pa namang pagkakataon.

Magkikita pa tayo, mahal kong kaibigan, pangako niya sa sarili.

3

Nakaupo si Gawain sa garden set at may binabasang mga papeles nang lapitan ito ni Desiree.

“Wayne, puwede ba kitang makausap?” simula niya, abut-abot ang kaba. Dama niya ang panlalamig ng mga kamay.

Nag-angat ng tingin ang binata. Ibinaba nito ang hawak na mga papeles. “Sure. Have a seat,” aya nito.

Umupo siya sa upuang katapat nito. Nakabibingi na ang pintig ng kanyang puso sa sobrang kaba.

“Ano’ng gusto mong pag-usapan natin?” he asked, looking straight into her caramel eyes. “It must be important.”

“Y-yes, it is. Tungkol ito kay Ashley.”

Tumaas ang isang kilay nito.

“Ano naman ang tungkol kay Ashley?” muling tanong nito na bahagyang tumiim ang tingin.

Huminga muna siya nang malalim bago sinabi, “You shouldn’t trust her.”

“Bakit naman? Ang akala ko ay magkaibigan

kayo,” anitong napakunot-noo.

“Oo. *Noon.*”

“What happened?”

“It’s a long story,” pabalewalang aniya. “Anyway, I’d appreciate it if you’d listen to me. She’s not good for you.”

Ilang sandali siya nitong tinitigan na para bang pinag-aaralan ang laman ng kanyang utak.

“Well, I think that’s not for you to decide. Mukha naman siyang matinong babae. Edukada siya at galing sa isang matinong pamilya,” kalmanteng pahayag nito.

“Kilala ko siya kaya ko ito sinasabi sa ’yo,” naiinis nang aniya.

“Kilala ko rin siya.”

“Hindi mo pa siya kilala nang husto. You have no idea what she’s capable of doing.”

Lumalim ang pagkakakunot ng noo nito. “Really?”

“Yes. Matagal din kaming naging magkaibigan sa States. You have to believe me.”

“I believe you. Iyon din ang sinabi niya sa ’kin.”

“Sinabi din ba niya sa 'yo ang mga kalokohang ginawa niya sa U.S.?”

“Ang sinabi lang niya ay ang mga kalokohang ginawa mo.”

“What!” bulalas niya. “At ano namang mga kasinungalingan ang sinabi niya sa 'yo?”

“It doesn't matter,” kikit-balikat nito.

“Well, it matters to me,” she insisted.

“Desiree, I'm busy. Saka na lang natin pag-usapan ang tungkol sa bagay na ito.”

Nainis siya lalo. “Look, Gawain, listen to me. Ashley is a very dangerous woman. You have to stay away from her,” mariing babala ng dalaga.

Bago pa man ito makasagot ay iniwanan na niya ito.

Hindi talaga mapapalagay si Desiree hangga't alam niyang malapit lang kay Gawain si Ashley, kaya inalam niya kung saan naglalagi ang dating kaibigan. Sa tulong ni Dagonet ay natunton niya ito.

Pinuntahan niya ang babae sa hotel na tinutuluyan nito. Nasorpresa ito nang mapagbuksan siya ng pinto.

Tila katatapos lang nitong mag-shower dahil balot pa ng tuwalya ang buhok nito.

“Des!” anito.

Tipid siyang ngumiti. “Ashley.”

“Come in.”

Pumasok siya sa silid nito. “Thanks.”

“Akala ko’y si Wayne na. May usapan kasi kami na magkikita ngayon.”

“Saan kayo nagkakilala?” tanong niya habang iginagala ang tingin sa paligid.

Medyo high-end ang hotel na tinutuluyan nito. Hindi na iyon nakapagtataka dahil noon pa man ay maluho na talaga si Ashley. Palibhasa ay anak ito ng isang politiko.

“Kami ni Wayne?”

Naupo siya sa sofa roon. “Yes.”

“Well, we first met on one of his business trips in Bangkok.”

She turned to face her. “Ano naman ang ginagawa mo sa Bangkok?”

“Ano pa nga ba?” Tumawa ito. “Of course, I was

there on vacation.”

Tinaasan lamang niya ito ng kilay.

“Oh, come on. Para namang hindi mo ako kilala.”

“Kilala na kita, Ashley. Alam ko kung ano ka at kung ano ang kaya mong gawin,” walang kangitingiting turan niya.

Tumawa lang muli ito. Naiinis man ay kinalma ni Desiree ang sarili. Taas-noong sinalubong niya ang tingin nito.

“Ashley, what do you want?” derechahang tanong niya.

“What do you mean?”

“Ano ang kailangan mo kay Wayne?”

“Ano ang kailangan ko kay Wayne?” ulit nitong halatang nang-iinis. “Hmm, wala naman. But he’s really charming and not to mention filthy rich.” Binuntutan nito ng tawa ang huling sinabi.

Mangani-nganing sabunutan niya ang babae. Ang tingin niya rito nang mga sandaling iyon ay isang impakta—pagkapangit-pangit na impakta.

“Ano man ang balak mong gawin ay hindi ka magtatagumpay. Hindi ko hahayaan,” mariing saad

niya.

“Oh, Des!” anitong napailing. “Para namang hindi tayo magkaibigan niyan. We’re best friends, remember?”

“No, we’re not.”

Iyon lang at iniwanan na niya ito.

“A painter needs an inspiration to create a masterpiece,” anang isang tinig mula sa likuran ni Desiree.

Kanina pa siya nagpipilit mag-concentrate sa ginagawa. Ngunit ang isipan niya ay lumilipad, wala sa kanyang ipinipinta. Naroon siya sa kanyang secret sanctuary nang sandaling iyon. Nasa isang private beach resort siya sa Sta. Ana, Cagayan Valley. Kilala niya ang may-ari ng lugar kaya doon siya madalas magtungo para magpinta. Napapaligiran siya ng white sand beach, mga nagtatayugang puno at odd rock formations. Ang mga huni ng iba’t ibang klase ng ibon at ang tunog ng naglalakihang alon ang tanging musika niya sa lugar na ito. Nag-rent nga muna siya ng isang cottage doon. Medyo malayo kasi ang lugar sa Laverna at balak niya ay dito tapusin ang mga ginagawang paintings.

Napalingon ang dalaga. Isang di-pamilyar na mukha ang nabungaran niya. Nakangiti ito sa kanya habang nakasandal sa isang puno.

“Kanina pa kita pinagmamasdan. Mukhang wala sa pagpipinta ang atensyon mo,” dugtong nito.

He was a handsome guy in his mid-twenties. Matangkad ito at kulay-kayumanggi ang balat. Mukha ring hindi ito basta-bastang tao.

“I’m sorry but do I know you?” kunot-noong tanong niya.

“Maybe.” He extended a hand toward her. “I’m Billy Segovia.”

“Oh!”

Ngayon ay naaalala na niya kung sino ito. Anak ito ng mahigpit na kalaban ni Don Arturo sa negosyo. Kung hindi siya nagkakamali, ito na ang namamahala ng kompanyang iniwan ng ama nito. Baldado na kasi ang matandang Segovia, ayon sa balita.

“And you are...?”

“Desiree.” Inabot niya ang kamay nito. Mahigpit nitong tinanganan iyon at ilang sandali ang pinalipas bago binitawan.

“So, you’re a painter.”

“Obviously.”

“Wala ka bang kasama?” tanong nito; titig na titig sa mukha niya.

“Hindi na ako bata na kailangan ng yaya.”

He chuckled.

“Ano ang ginagawa mo dito? Shouldn’t you be in your office or something?” aniya saka tiningnan ang wristwatch. Alas dos na ng hapon. Medyo mainit sa panahon na iyon, pero ang mga puno ang nagsisilbing lilim nila.

“Well, may business meeting ako with some associates here. Dito ko dinala kasi kilala ko ‘yong owner. I just took a break. Katulad mo ay gusto ko ring makakita ng ibang tanawin. I may not be an artist, pero mahilig din ako sa magagandang bagay,” pahayag nitong tumingin nang matiim sa kanya.

She rolled her eyes. *Men!*

Lumapit ang lalaki sa kanya at nagkuwentuhan sila pansamantala bago ito nagpaalam na babalik na sa mga ka-meeting. Okay naman kausap ang lalaki. May sense of humor, pero may konting yabang sa katawan. Ayos lang naman iyon kay Des. Hindi

Proposal In Laverna - Ally Falcon

naman siya attracted sa binata. Pero guwapo rin naman ito at maganda ang pangangatawan tulad ni Gawain.

Naisip na naman niya si Wayne. Kasama kaya nito ngayon si Ashley? Ano kaya ang ginagawa ng dalawa sa mga sandaling iyon?”

How she hated Ashley. Sa dinami-dami ng babaeng puwedeng makilala ng kababata, bakit ito pa? Sadyang napakaliit ng mundo.

Sana ay hindi magpadala si Gawain sa mga kasinungalingan ng babaeng iyon. Alam niya kung gaano kagaling magpaikot ng tao ang dating kaibigan.

Sana ay hindi na lang siya umalis sa Laverna. Kaya lang ay kailangan niyang matapos ang mga paintings na iyon dahil malapit na ang kauna-unahan niyang exhibit.

Napabuntong-hininga ang dalaga saka atubiling bumalik sa pagpipinta.

Makalipas ang tatlong araw ay bumalik na si Desiree sa Laverna. Dumaan muna siya sa Tuguegarao para bumili ng ilang gamit. Pababa pa lang siya ng inarkilang sasakyan ay nasira na ang mood niya.

Paano ay sina Ashley at Gawain agad ang nakita niya.

Magkasama ang dalawa. Kasalukuyang palabas ang mga ito ng restaurant. Nakaangkla si Ashley sa braso ng binatang Pimentel.

Iiwas sana siya, pero nakita siya ng babae. Kumaway ito sa kanya at hinila si Gawain papunta sa kinaroroonan niya kaya napilitan siyang salubungin ang mga ito.

“Where have you been? Bakit hindi ka nagpupunta ng rancho?” magkasunod na tanong ng babae na para bang magkaibigan pa rin sila.

“Busy ako, eh,” pilit ang ngiting sagot niya.

The woman was such a hypocrite. Akala mo kung sinong santa ito kung umasta. Hindi niya alam kung bakit tila komportable na si Gawain sa presensya nito.

She felt a pang of jealousy. Gusto niyang hilahin ang lalaki palayo sa babaeng nakadikit dito, pero wala siyang lakas ng loob.

“Saan ka galing?” tanong pa ni Ashley. “Ang dami naman niyang dala mo.”

“Mga gamit ko sa pagpipinta ang laman nito,” aniyang tukoy ang bitbit na malaking bag. “Sige, mauna na ako sa inyo. Mukhang may pupuntahan

pa kayo.”

“Des.”

Napahinto siya nang marinig ang boses ni Gawain. Ang akala pa nga niya ay imahinasyon lamang niya iyon, pero muli itong nagsalita.

“Sumabay ka na sa ’min,” sabi ng binata.

Tumingin siya rito at pagkatapos ay kay Ashley. Napansin niyang nalukot ang mukha ng babae kaya mabilis siyang sumagot.

“Okay.”

Hinintay siya ni Gawain sa parking lot kasama si Ashley habang siya ay namimili ng mga kailangan niya sa department store. Pihadong naasar na sa kanya ang dating kaibigan, pero walang pakialam si Desiree.

Pagkatapos niyang mamili ay dumerecho siya sa kinaroroonan ng kotse ni Gawain. Binuksan pa nga ng binata ang pinto sa backseat para sa kanya. The gesture warmed her heart.

“May bibilhin ka pa ba?” tanong ni Gawain.

“Wala na.”

Proposal In Laverna - Ally Falcon

Sumakay na siya sa kotse at ganundin ang ginawa nito. Sa backseat ng kotse siya pumuwesto dahil si Ashley ang nakaupo sa tabi ng lalaki.

Wala silang imikan sa loob ng sasakyan. Si Gawain ay nakatuon ang atensyon sa pagmamaneho. Si Ashley naman ay abala sa pagre-retouch ng makeup.

Ngunit minsang napasulyap si Desiree sa unahan ay nahuli niya si Gawain na nakatingin sa kanya sa rearview mirror. Bumilis na naman ang tibok ng kanyang puso. Mabilis niyang binawi ang tingin.

May dumi kaya siya sa mukha at panay ang sulyap nito sa kanya? Pero baka naman nagkataon lang na napasulyap ito sa kanya nang tumingin siya sa salamin. Ganoon nga siguro.

Binalewala na lamang niya iyon. Pero mayamaya ay nahuli na naman niya itong nakatingin sa kanya. Bigla tuloy siyang na-conscious.

Bakit kaya panay ang tingin sa 'kin ng damuhong ito? piping reklamo ng dalaga.

Para kay Gawain, malaki na ang ipinagbago ni Desiree. Noon lang niya napagtuunan ng pansin ang

bagay na iyon.

The teenager he knew was already gone. Ang pumalit ay isang napaka-sexy at gorgeous na babae. Walang lalaki ang hindi mahuhumaling dito. At kabilang na siya sa mga lalaking iyon.

Kung ikukumpara ito kay Ashley, magmumukhang alalay ang huli. Maganda si Ashley, pero kulang sa appeal. Malambing ito at persuasive kaya hindi siya makatanggi sa mga imbitasyon nito. Bilang isang gentleman, pinagbibigyan na lamang niya ito.

He had already made his intentions clear. Pero tila walang pakialam ang babae. Panay pa rin ang dikit nito sa kanya.

Nakilala niya ito sa isang business trip niya sa Bangkok. Halata naman na attracted na ito sa kanya. Mula noon ay hindi na siya nito hiniwalayan. Ang akala niya ay hindi na niya ito muling makikita nang umuwi siya sa Pilipinas, pero nagulat siya nang sumulpot ito sa opisina niya isang araw. Kung paano siya nito natunton ay hindi niya alam.

Desiree was right about her. He should never trust someone like her.